

“Return unto Me ... That I May Heal You”

By Elder S. Mark Palmer
Of the Presidency of the Seventy

“Magbalik sa Akin ... Upang Mapagaling Ko Kayo”

Ni Elder S. Mark Palmer
Ng Panguluhan ng Pitumpu

April 2025 general conference

*There is rejoicing in heaven over those who return.
It is not too late for you to come back.*

We once lived in a home surrounded by majestic trees. Next to the entrance was a beautiful willow tree. One sad night a mighty storm blew, and the willow came crashing down. It lay on the ground with its roots pulled out and was a sorry sight.

I was ready to rev up the chainsaw and cut the tree up for firewood when our neighbour came running out to stop me. He chastised me for giving up on the tree, and he emphatically urged us not to get rid of it. He then pointed to one root still in the ground and said that if we propped the tree up, cut off its branches, and nourished it, the roots would take hold once again.

I was sceptical and doubted how a tree so obviously fallen and in trouble could possibly survive and come back to life. I reasoned that even if it did begin growing again, it would surely not survive the next storm. But knowing our neighbour believed the tree still had a future, we went along with the plan.

And the result? After some time, we saw signs of life as the tree began to take root. Now, 12 years later, the tree is vibrant and full of life, with strong roots, and once again contributing to the beauty of the landscape.

Mayroong kasiyahan sa langit sa mga taong bumabalik. Hindi pa huli ang lahat upang kayo ay bumalik.

Minsang kaming nanirahan sa isang tahanang napaliligiran ng mayabong na mga puno. Katabi ng pasukan nito ay may magandang puno ng willow. Isang malungkot na gabi, isang napakalakas na bagyo ang dumating at ang willow ay natumba. Ito ay nakahiga sa lupa na ang mga ugat ay nabunot at isa itong nakalulungkot na tanawin.

Handa na akong paandarin ang chainsaw at putulin ang puno para gawing panggatong nang dumating ang aming kapitbahay na tumatakbo upang pigilan ako. Pinagalitan niya ako sa pag-suko sa puno, at mariin niyang ipinayo na huwag ko itong putulin. Itinuro niya ang isang ugat na nasa lupa pa rin at sinabing kung itatayo namin ang puno, puputulin ang mga sanga nito, at patatabain ito, ang mga ugat ay kakapit muli.

Nag-alinlangan ako at nagduda kung paanong ang isang puno na talagang natumba at nasalanta ay maaaring maligtas at muling mabuhay. Nangatwiran ako na kung ito man ay magsisimulang muling lumago, tiyak na hindi na ito makaliligtas sa susunod na bagyo. Ngunit dahil nalalaman ko na naniniwala ang kapitbahay namin na may pag-asa pa ang puno, itinuloy namin ang plano.

At ang resulta? Makalipas ang ilang panahon, nakita namin ang mga senyales ng buhay habang ang puno ay nagsisimulang magkaroon ng ugat. Ngayon, 12 taon ang nakalipas, ang puno ay mayabong at puno ng buhay na may matitibay na ugat, at muli ay nakaaambag sa kagandahan ng hardin.

While I meet Saints around the world, I am reminded of this willow tree and how there is hope even when all seems lost. Some once had testimonies of the gospel that were strong and vibrant like the willow. Then, for uniquely personal reasons, those testimonies became weakened, leading to a loss of faith. Others hang on with the slimmest of roots tapping into gospel soil.

Yet again and again, I am inspired by the stories of so many who have chosen to renew their discipleship and come back to their Church home. Rather than discarding their faith and belief like worthless firewood, instead they have responded to spiritual promptings and loving invitations to return.

I attended a stake conference in Korea where a returning member shared: “I thank the brothers for their willingness to accept my lack of faith and my weakness, for reaching out to me, and for the members who are always so kind to me. I still have a lot of friends around me who are less active. It’s funny, but they tell each other to go back to the Church to get their faith back. I think maybe they are all longing for faith.”

To all who are longing for faith, we invite you to come back. I promise your faith can be strengthened as you once again worship with the Saints.

A former missionary from Africa wrote a senior Church leader, apologising and seeking forgiveness for being offended by his teachings about a certain cultural tradition, which then led him to leave the Church. He humbly expressed: “Sadly, the fact that I took offense 15 years ago has made me pay an extremely heavy price. I lost so much—much more than I ever imagined. I am deeply embarrassed by the harm I may have caused along the way, but above all else I am pleased that I have found my way back.”

Habang nakikipagpulong sa mga Banal sa iba’t ibang bahagi ng mundo, naalala ko itong puno ng willow at kung paano nagkaroon ng pag-asa kahit tila nawala na ang lahat. Ang ilan ay minsang nagkaroon ng mga patotoo sa ebanghelyo na matatag at mayabong tulad ng willow. Pagkatapos, dahil sa magkakaibang personal na dahilan, ang mga patotoong iyon ay humina at humantong sa pagkawala ng pananampalataya. Ang iba ay nakakapit gamit lamang ang pinakapayat na mga ugat na konektado sa lupa ng ebanghelyo.

Ngunit muli’t muli, nabibigyang-inspirasyon ako ng mga kuwento ng napakaraming tao na piniling panibaguhin ang kanilang pagiging disipulo at bumalik sa kanilang tahanan, ang Simbahan. Kaysa isantabi ang kanilang pananampalataya at paniniwala tulad ng walang-halagang panggatong, sila ay tumugon sa mga espirituwal na paramdam at sa magiliw na paanyaya na bumalik.

Dumalo ako sa isang stake conference sa Korea kung saan nagbahagi ang isang nagbabalik na miyembro: “Nagpapasalamat ako sa mga kapatid na lalaki para sa kanilang kahandaang tanggapin ang aking kakulangan ng pananampalataya at mga kahinaan, para sa kanilang pakikipag-ugnayan sa akin, at para sa mga miyembro na palaging mabait sa akin. Marami pa rin akong nakakasamang mga kaibigan na hindi gaanong aktibo sa Simbahan. Nakakatawa ito, ngunit sinasabihan nila ang isa’t isa na bumalik sa Simbahan upang maibalik ang kanilang pananampalataya. Sa tingin ko lahat sila aynaghahangad ng pananampalataya.”

Sa lahat ng naghahangad ng pananampalataya, inaanyayahan namin kayong bumalik. Nangangako ako na ang inyong pananampalataya ay mapalalakas kapag kayo ay muling sasamba kasama ng mga Banal.

Isang dating missionary mula sa Africa ang sumulat sa isang senior na lider ng Simbahan, na humihingi ng tawad at kapatawaran dahil nasaktan ito sa kanyang mga turo tungkol sa ilang kultural na tradisyon, na naging dahilan ng pag-alis niya sa Simbahan. Mapagkumbaba niyang sinabi: “Nakalulungkot na napakalaki ng naging kapalit ng paghihinanakit ko 15 taon na ang nakararaan. Napakaraming nawala sa akin—higit pa kaysa kaya kong isipin. Labis akong nahihiya dahil sa kapinsalaang maaaring naidulot ko, ngunit higit sa lahat, masaya ako na nahanap ko ang landas

To all who recognise what you have lost, we invite you to come back so you can once again taste the joyous fruit of the gospel.

A sister in the United States was gone from the Church for many years. Her story of coming back includes powerful lessons for parents and family members who anguish over loved ones who step away. She wrote:

“I could list a myriad of reasons for why I walked away from the Church, the gospel, and in a way, my family. But they really don’t matter. I didn’t make one big decision to leave the Church—I probably made a thousand choices. But one thing I have always known is that my parents did make one big decision, and they stuck to it. They decided to love me.

“I couldn’t possibly know how many tears have been shed, how many sleepless nights, nor how many heartfelt pleading words of prayer have been uttered on my behalf. They didn’t call me out on my sins; rather, they called out to me in my sinfulness. They didn’t make me feel unwelcome in their home and at family gatherings; any of those feelings were of my own doing. Instead, they continued to welcome me. They must have seen my light dim over time. But they knew that the person I was back then was just a shadow of who I was yet to become.

“Just as my path away from the Church was complex, so was my way back. But one thing that was not hard about coming back was the feeling of being back home where I belong.”

My message today is especially to all who once felt the Spirit but question whether there is a way back or a place for you in the restored Church of Jesus Christ. It is also for any who are barely hanging on or who are tempted to step away.

This message is not a challenge, and it is not a condemnation. It is an invitation, extended

pabalik.”

Sa inyong lahat na natatanto ang nawala sa inyo, inaanyayahan namin kayong bumalik upang muli ninyong matikman ang nagpapaligayang bunga ng ebanghelyo.

Isang kapatid na babae sa Estados Unidos ang nawala sa Simbahan nang maraming taon. Ang kuwento ng kanyang pagbabalik ay naglalaman ng matinding aral para sa mga magulang at mga miyembro ng pamilya na nagdadalamhati sa isang mahal sa buhay na lumihis ng landas. Isinulat niya:

“Maaari kong mailista ang napakaraming dahilan kung bakit ako lumayo sa Simbahan, sa ebanghelyo, at pati na rin sa aking pamilya. Ngunit hindi na mahalaga ang mga iyon. Hindi ako gumawa ng isang malaking desisyong iwan ang Simbahan—siguro isang libong desisyon ang ginawa ko. Ngunit ang isang bagay na alam ko noon pa man ay gumawa ang mga magulang ko ng isang malaking desisyon at pinanindigan nila ito. Nagdesisyon sila na mahalín ako.

“Imposibleng malaman ko kung gaano karaming luha ang pumatak, kung gaano karami ang mga gabing hindi makatulog, o kung ilang taos-puso na nagsusumamong panalangin ang sinambit alang-alang sa akin. Hindi nila ipinadama sa akin ang aking mga kasalanan; bagkus, minahal nila ako kahit patuloy pa rin ako sa aking mga kasalanan. Hindi nila ipinadama na hindi ako tanggap sa kanilang tahanan at mga pagtitipon ng pamilya; ang mga pakiramdam na iyon ay dahil sa mga nagawa ko. Patuloy nila akong tinanggap. Maaaring nakita nila na unti-unting nagdidilim ang aking liwanag sa paglipas ng panahon. Ngunit alam nila na kung sino ako noon ay isang anino lamang ng kung magiging sino ako sa hinaharap.

“Tulad ng pagiging kumplikado ng aking landas palayo sa Simbahan, gayundin ang aking pagbabalik. Ngunit ang isang bagay na hindi naging mahirap sa pagbabalik ay ang pakiramdam na uuwi ako sa isang lugar kung saan ako kabilang.”

Ang mensahe ko ngayon ay sadyang para sa lahat na minsang nadama ang Espiritu ngunit nagtatanong kung sila ba ay makababalik o kung may lugar ba para sa inyo sa ipinanumbalik na Simbahan ni Jesucristo. Ito ay para din sa sinumang halos bibigay na o natutuksong umalis.

Ang mensaheng ito ay hindi isang hamon, at hindi ito pagkukundena. Isa itong paanyaya na

with love and a sincere desire to welcome you back to your spiritual home.

I have prayed that you will feel the witness of the Holy Ghost as you now hear this loving invitation and magnificent promise from our Saviour, Jesus Christ:

“Will ye not now return unto me, and repent of your sins, and be converted, that I may heal you?”

Every week many are responding to the Saviour's invitation by returning to discipleship and Church activity, quietly and humbly seeking the healing that Jesus promises. And contrary to narratives which sometimes circulate, record numbers of our young people are choosing to stay strong and to grow their faith in Jesus Christ.

When some of Jesus's followers in Capernaum found His teachings hard and chose to leave, He turned to His Apostles and asked, “Will ye also go away?”

This is the question we each must answer as we face our individual times of testing. Peter's response to Jesus is timeless and resounding: “To whom shall we go? thou hast the words of eternal life.”

So as you consider the Saviour's invitation to return unto Him, what might you learn from the story of the willow tree?

The journey back is often not easy or comfortable, but it is worth it. When our willow was stood back up, all its branches were cut away. It was not pretty. We too may feel vulnerable as we discard old ways and are stripped of pride. Focusing your faith on Jesus Christ and His gospel—the trunk and the roots—will give you the hope and the courage to take that first step back.

It took many years for our willow to regain its former strength and beauty. Now it is even stronger and more beautiful than before. Be patient as your faith and testimony also grow. This includes not taking offense at thoughtless

ipinaaabot nang may pag-ibig at tapat na pag-nanais na malugod kayong tanggapin sa inyong pagbabalik sa inyong espirituwal na tahanan.

Dalangin kong madama ninyo ang pagpapatibay ng Espiritu Santo habang naririnig ninyo ngayon ang magiliw na paanyaya at napakagandang pangakong ito mula sa ating Tagapagligtas na si Jesucristo:

“Hindi pa ba kayo ngayon magbabalik sa akin, at magsisisi sa inyong mga kasalanan, at magbalik-loob, upang mapagaling ko kayo?”

Kada linggo ay marami ang tumutugon sa paanyaya ng Tagapagligtas sa pamamagitan ng pagbalik sa pagkadisipulo at sa mga aktibidad ng Simbahan, tahimik at mapagkumbabang hinahangad ang paggaling na ipinapangako ni Jesus. At salungat sa mga kuwento na kung minsan ay kumakalat, nakatala ang mga bilang ng ating mga kabataan na pinipiling manatiling matatag at palaguin ang kanilang pananampalataya kay Jesucristo.

Nang ilan sa mga tagasunod ni Jesus sa Capernaum ay natuklasang mahirap sundin ang Kanyang mga turo at nagpasiyang umalis, bumaling Siya sa Kanyang mga Apostol at nagtanong, “Tbig din ba ninyong umalis?”

Ito ang tanong na kailangang sagutin ng bawat isa sa atin habang kinakaharap natin ang sarili nating mga pagsubok. Ang tugon ni Pedro kay Jesus ay panghabang-panahon at makabuluhan: “Kanino kami pupunta? Ikaw ang may mga salita ng buhay na walang hanggan.”

Kaya habang isinasaalang-alang ninyo ang paanyaya ng Tagapagligtas na bumalik sa Kanya, ano ang maaari ninyong matutuhan mula sa kuwento tungkol sa puno ng willow?

Ang paglalakbay pabalik ay kadalasang hindi madali o komportable, ngunit sulit ito. Nang muli naming itayo ang willow, lahat ng mga sanga nito ay pinutol. Hindi ito maganda. Maaaring madama rin natin na tayo ay mahina habang iwinawaksi natin ang mga dating gawi at inaalis ang kapalaluan. Ang pagtutuhan ng inyong pananampalataya kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo—ang katawan ng puno at mga ugat nito—ay magbibigay sa inyo ng pag-asa at tapang na gawin ang unang hakbang pabalik.

Umabot ng maraming taon bago muling mabawi ng aming willow ang lakas at kagandahan nito. Ngayon, ito ay higit na malakas at mas maganda kumpara noon. Maging matiyaga habang lumalago ang inyong pananampalataya at

comments like “Where have you been all these years?”

The willow would never have survived without constant care and nourishment. You will nourish your faith and your testimony as you feast at the sacrament table each week and as you worship in the house of the Lord.

Just as the willow needed sunshine for its branches and leaves to grow again, so your testimony will grow as you stay sensitive to the feelings and the witness of the Spirit. Learn from Amulek, who described his time as a less-active member by saying, “I was called many times and I would not hear.”

My neighbour knew what the willow could once again become. So too the Lord knows your divine potential and what your faith and your testimony can become. He will never give up on you. Through the Atonement of Jesus Christ, all that is broken can be healed.

I witness that there is rejoicing in heaven over those who return. You are needed, and you are loved. I testify that Jesus Christ is our Saviour and that He blesses all who return unto Him with greater peace and with great joy. His arms of mercy are not folded but are open and extended to you. It is not too late for you to come back. With all the love in our hearts, we welcome you home. In the name of Jesus Christ, amen.

patotoo. Kabilang dito ang hindi pagpapaapekto sa mga padalus-dalos na komento gaya ng “Bakit nawala ka ng maraming taon?”

Ang willow ay hindi makatatagal kung wala ang patuloy na pagmamalasakit at pag-aalaga. Mapalalago ninyo ang inyong pananampalataya at patotoo habang kayo ay nagpapakabusog sa hapag ng sakramento kada linggo at habang sumasamba kayo sa bahay ng Panginoon.

Tulad ng puno ng willow na kailangan ang sinag ng araw upang muling tumubo ang mga sanga at dahon nito, ang inyong patotoo ay lalagorin habang nananatili kayong madaling maka-hiwatig sa mga paramdam at pagpapatibay ng Espiritu. Matuto mula kay Amulek, na inilarawan ang kanyang panahon bilang isang hindi aktibong miyembro sa pamamagitan ng pagsasabing, “Ako ay tinawag nang maraming ulit at ako ay tumangging makinig.

Alam ng kapitbahay ko kung ano ang kahihinatnan ng willow. Alam din ng Panginoon ang inyong banal na potensiyal at ang kahihinatnan ng inyong pananampalataya at patotoo. Hindi Siya kailanman susuko sa inyo. Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo, ang lahat ng nasira ay maaaring pagalingin.

Pinatotohanan ko na nagagalak ang langit sa mga taong bumabalik. Kayo ay kailangan, at minamahal kayo. Nagpapatotoo ako na si Jesucristo ay ating Tagapagligtas at na pagpapalain Niya ang lahat ng babalik sa Kanya ng karagdang kapayapaan at malaking kagalakan. Ang kanyang bisig ng awa ay hindi nakatikom ngunit bukas ang mga ito at nakaunat sa inyo. Hindi pa huli ang lahat upang kayo ay bumalik. Lakip ang buong pagmamahal sa aming puso, malugod namin kayong tinatanggap. Sa pangalan ni Jesucristo, amen.